
# TALA

KASAYSAYAN

An Online Journal of History

ISSN 2651-7108



VOLUME I:2

December 2018

# BOOK REVIEW

## Ocampo, Ambeth R. 2011. Looking Back 4: Chulalongkorn's Elephants: The Philippines in Asian History. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

# Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa

**Reviewed by: Axle Christien J. TUGANO**[1]
Polytechnic University of the Philippines
MANILA

**ABSTRAK**

Sa bawat aklatan o sabihin pang mga bookstores, hindi talaga nawawala ang sikat na sikat na mga aklat ni Ambeth Ocampo. Isa na rito ang labintatlong tomo ng Looking Back na tumatalakay sa iba't ibang paksa sa kasaysayan ng Pilipinas. Noong mga panahong nag-aaral pa ang may-akda sa PUP ng kursong Kasaysayan, walong serye pa lamang ng Looking Back ang nailathala at sabihin pang nabasa niya—Looking Back (2010); Dirty Dancing (2010); Death by Garrote (2010); Chulalongkorn's Elephants: The Philippines in Asian History (2011); Rizal's Teeth, Bonifacio's Bones (2012); Prehistoric Philippines (2012);

[1] Si Axle Christien J. Tugano ay nagtapos sa hayskul bilang Valedictorian noong taong 2011 at Batch 2015 University Valedictorian (Magna Cum Laude) noong 2015 sa Polytechnic University of the Philippines sa kursong Bachelor of Arts in History. Kasakuluyang kumukuha ng Master of Arts in Philippine Studies –Socio Cultural Track sa University of the Philippines Diliman. Naging International Youth Ambassador sa (GYLTLC) Global Youth Leaders Travel and Learning Camp na ginanap sa Kathmandu, Nepal noong 2013 kung saan nakakuha rin siya ng parangal na "Best Content Award". Sumulat siya ng higit sa dalawampung pag-aaral, tampok sa mga ito ay ang Ang Katanggapan ng Panulat Pambansa: Ang Baybayin Ngayon at sa Hinaharap (2018), Ang Kababaihan ng Katipunan, Ang Katipunan sa Kababaihan (2017) ay inilathala sa Saliksik E-Journal ng Bagong Kasaysayan at Philippine E-Journal, Kasaysayan ng mga Ilustrados at ang Gampanin sa Pag- usbong ng Nasyonalismo at Kamalayang Pilipino (2015), Mga Hulagway ng Kababaihan sa mga Likha ni Jose Rizal (2015), Ang Ilog Agno ng Pangasinan: Isang Kasaysayan (2014) at marami pang iba.

Tugano, Axle Christien J. "Review of
Ambeth R. Ocampo's Chulalongkorn's
Elephants: The Philippines in Asian History." *TALA* I:2.
(December 2018), pp 57-75.

Storm Chasers (2014); at Virgin of Balintawak (2014). Hindi naglaon, tila bagang isang palos ang pagkakalathala ng mga sumunod pang mga akda—Demonyo in Tables: History in Artifacts (2015); Two Lunas, Two Mabinis (2015); Independence X6 (2016); Quezon's Sukiyaki (2016); at Guns of the Katipunan (2017). Sa mga nabanggit na akda ni Ambeth Ocampo, ang Chulalongkorn's Elephants: The Philippines in Asian History ang higit na pinagtuunan ng pansin at diin ng rebyuwer.

Sa kasalukuyang pagkakataon, ilalatag ng rebyuwer sa papel na ito ang kanyang mga natatanging komendasyon (kalakasan) at kritik (kahinaan) hinggil sa 102-pahinang aklat ni Ocampo. Sisipatin din ang kanyang pagkakadalumat sa ugnayan ng Pilipinas sa mga Asyanikong bansa na siya naman talagang dapat maging tunguhin ng rebyung ito.

## UKOL SA PAMAGAT NG AKLAT

Sa unang tingin, ikinintal ng may-akda sa kanyang aklat ang ugnayan o relasyon ng Pilipinas sa mga Asyanong bansa sa pamamagitan ng pagpili bilang pamagat ang pangalan ng isang haring Siam na si Chulalongkorn (Haring Rama V)[2]. Hindi mawaglit sa kamalayan ng rebyuwer na kung bakit sa dinami-rami ng mga hari ng Dinastiyang Chakri ng sinaunang Thailand ay si Haring Chulalongkorn ang napiling pamukaw-pamagat ng may-akda. Makikita rin sa pabalat ang imahe ng isang itim na elepante (chang). Kung batid ng mambabasa na si Chulalongkorn ay isang haring Thai, madali para sa kanya na maunawaan ang kaugnayan ng elepante bilang emblem o simbolo ng kasaysayang Thai. Sa kabilang banda, magiging panibagong palaisipan kung bakit itim sa halip na puti ang kulay nito na kung tutuusin, ang puting elepante ay siyang sumasagisag sa karangyaan at kagitingan ng monarkiyang Thai. Malinaw namang binanggit ni Ambeth Ocampo sa kanyang panimula ang kadahilanan kung bakit itim na elepante ang nasa larawan. Ito ang estatwang elepante na ibinigay ni Chulalongkorn bilang regalo nang siya'y magtungo sa Singapore at Java, Indonesia noong 1871 (pah. vii, 1, 98). Bagama't elepante rin ang nagsilbing instrumento sa kapayapaan o relasyon ng Pilipinas at Thailand nang ipagkaloob ito ni Diego Belloso galing Thailand bilang handog ng hari kay Gobernador Luiz Perez Dasmariñas noong ikalabing-anim na dantaon (pah. 93), hindi malinaw kung ang kulay ng elepante ay puti o itim. Ipinapakita lamang nito na ang elepanteng

---

[2] Para sa karagdagang kaalaman, si Chulalongkorn ay ang humalili kay Haring Mongkut (Rama IV) at sinundan ni Haring Vajiravudh (Rama VI). Tingnan, David K. Wyatt, *Thailand: A Short History* (Chiang Mai, Thailand: Silkworm Books, 2003), 175.

matatagpuan sa pabalat ng aklat ay hindi ang elepanteng nakarating sa Pilipinas. Bukod sa walang paglilinaw dito ang may-akda, hindi kailanman nakarating si Haring Chulalongkorn sa kapuluan ng Pilipinas.

## UGNAYANG PILIPINAS AT MGA ASYANONG BANSA

Sa kadahilanang may kakulangan sa direksyon o pokus ang aklat ni Ambeth Ocampo dulot na ang nilalaman ng kabuuan nito ay pinagsama-sama niyang mga artikulo sa pahayagan ng Philippine Daily Inquirer, pinili ng rebyuwer na hanayin o pangkatin ang dalawampu't dalawang (22) kabanata ng kanyang libro batay sa kanyang pang-unawa. Sa madaling salita, bumuo ng klasipikasyon ang rebyuwer ayon sa paksa nang sa gayo'y mas mapadali ang pagsusuri sa kabuuang laman ng aklat. Bagama't kahit papaano, kakikitaan naman talaga ang kanyang aklat ng paksaing tumatalakay sa ugnayan at kasaysayan ng Pilipinas sa mga piling bansa sa Asya. Ipinangkat ng rebyuwer sa apat na klasipikasyon ang paksa--ugnayang diplomasya, ugnayang kultural, ugnayang arkeolohikal, at ugnayang ekonomiko. Mahahalagang salik ito upang tuntunin at muling silipin ang gampanin ng Pilipinas sa kapwa Asyanong bansa nito.

Natalakay sa kanyang aklat ang ugnayang diplomasya ng Pilipinas sa dalawang monarkiyang bansa sa Timog Silangang Asya--Cambodia at Thailand. Sinundan naman ito ng relasyon ng ating bansa sa Israel noong panahon ng imperyalismong Amerikano sa Pilipinas. Naging laman din ng aklat ang magkatulad na kultura ng Pilipinas at Indonesia. Kung kaya't inihanay bilang mga halimbawa ng ugnayang kultural ang pagkakawangis ng wikang Filipino at Bahasa Indonesia. Kasamang nasuri ang pagsasagawa ng dalawang bansa ng isang matandang kultura ng betel o nganga. Sa usapin naman ng ugnayang arkeolohikal, palilitawin ang ugnayan ng Pilipinas sa ibang lugar gamit ang elepante bilang mga halimbawa. Kalakip nito kung paano ito nakarating sa Pilipinas at kaibahan nito sa ibang elepanteng matatagpuan sa ibang mga Asyanong bansa. Panghuli, tiningnan din bilang isang ugnayang ekonomiko ang namagitan sa Pilipinas at Tsina sa napakahabang panahon ng kanilang pananatili rito.

1. ***Ugnayang Diplomasya.***

Sapul pa noong unang panahon, ang mga pagbisita ng bawat lider o pinuno sa karatig bansa (state visit) ay siyang nagpapatibay sa ugnayan at relasyon ng bawat isa. Malinaw na binanggit ni Ocampo na mula pa noong ikalabingsiyam na dantaon marami nang bumisitang lider sa Pilipinas. Ang tampok sa mga ito

ay sina Grand Duke Alexis ng Rusya at Duque de Ediburo na sinundan ni Haring Edward VIII ng Inglatera (pah. 2). Higit na binibigyang diin ng rebyuwer ang pagbisita ng mga Asyanong lider sa Pilipinas na sina Haring Norodom I ng Cambodia noong 1872 at kanyang apo na si Prinsipe Norodom Sihanouk noong 1969 (pah. 2-3). Sa katunayan pa nga'y nagkagusto si Haring Norodom I sa isang Pilipina na mula sa lalawigan ng Bulakan na si Josefa Roxas.

Dagdag pa rito, matibay na ang relasyon ng Pilipinas sa mga kaharian ng Cambodia at Thailand bago sumapit ang modernong panahon. Sinipi ni Ocampo (pah. 90-91) ang aklat ni Padre Gabriel Quiroga de San Antonio na inilathala noong 1604 sa Valladolid. Bagama't naisalin na sa wikang Ingles at sumailalim sa pamagat na "A Brief and Truthful Relation of Events in the Kingdom of Cambodia", mababatid na iminungkahi pala ni Padre Gabriel kay Haring Philip III na ipalaganap ang Katolisismo sa kaharian ng Cambodia. Agad naman itong tinutulan ng mga Cambodians. Naisipi ring ang isang Portuges na sundalong si Diego Belloso ay nakapangasawa ng isang kamag-anak ng hari. Kinalaunan, tinangkang sakupin ng Siam ang kaharian ng Cambodia na agad naman kinabahala ng huli. Kung kaya't si Haring Sotha I (Apram Langara) ay humingi ng suporta sa mga Kastila at Portuges. Kaagad namang iginiit ni Belloso sa hari na humingi ng tulong sa Maynila, Pilipinas kapalit ng pagkumberti nito at layuning maging protectorate ng Espanya ang Cambodia. Hindi naipaliwanag ni Ocampo ang kinasapitan ng kasunduan. Makikita lamang na nagkaroon ng ugnayan ang Cambodia at Pilipinas bago tuluyang lusubin ni Haring Phra Naret Suan ng Siam ang Cambodia kung saan nadakip si Belloso. Napakiusapan ng huli ang hari na siya'y palayain at ipadala pabalik ng Maynila na agad namang naganap (pah. 92). Sa pagkakataong ito, mahihunuhang nagkaroon ng ugnayang pangkapayapaan ang Pilipinas at Thailand nang makabalik si Belloso sa Maynila noong 1595 dala ang dalawang elepanteng regalo kay Gobernador Luiz Perez Dasmariñas (pah. 93).

Nabigyang tuon din ni Ocampo ang ugnayan ng Pilipinas sa Kanlurang Asyanong bansa ng Israel. Isang patunay dito ang pagkakaroon ng bahagi ng libingan ng mga Hudyo sa Manila North Cemetery.[3]Bago pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at naging kasangkot ang Pilipinas, dumagsa na sa Kamaynilaan ang pagpasok ng mga Puting Ruso at Hudyo (pah. 52). Mas bibigyang pansin ang huli. Noong panahon ng panunungkulan ni Manuel

[3] Michelle S. Eusebio, *Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage. Nasa Grace Barretto-Tesoro, Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries,* (Quezon City: The University of the Philippines Press, 2016), 178.

Quezon bilang pangulo ng Pilipinas, binuksan niya ang ating bansa sa kautusang alinsunod sa pagkakatalaga niya rito na magkaroon ng "open door policy" noong 1939 upang papasukin ang mga takas (refugees) na mga Hudyong mula sa Nazi Alemanya sa kasagsagan ng Holocaust (pah. 54). Sa ganang ito, maraming mga Hudyong sundalo, guro, at mangangalakal ang dumating sa Pilipinas noong panahon ng mga Amerikano.

### 2. *Ugnayang Kultural.*

Sinuri rin ni Ocampo ang pagkakatulad ng Pilipinas at Indonesia sa aspektong linggwistiko. Buhay na kultura ang wika. Bukod sa pagiging dinamiko nito, nagiging daan din ito upang pagyabungin ang multi-relasyon ng iba't ibang kabihasnan. Nakaugat ang kasalukuyang salitaan ng mga Pilipino sa ilang impluwensiya ng mga Intsik at Sanskrit. Sa ganang ito, ganun nga ang naging halimbawa ni Ocampo. Maraming salita o termino siyang naibigay bilang halimbawa upang mapatunayan ang relasyong linggwistiko ng wikang Filipino at Bahasa Indonesia na sa pagtaya ng rebyuwer ay mabibigyang katwiran nito na ang mga wikang nabanggit ay nagmula talaga sa iisang family language—Autronesyano/Malayo Polynesian-- na siyang laganap sa maritimong Timog Silangang Asya, Madagascar sa Silangang Aprika, at sa kapuluan ng Pasipiko halimbawa ng Rapa Nui.[4] Upang mas lalong maunawaan ang bahaging ito, luminang ng hanayan o matrix (tingnan ang Hanayan 1) ang rebyuwer hinggil sa mga salita/terminolohiyang sinipi ni Ocampo sa kanyang aklat na magpapatotoo sa halos o "bahagyang" pagkakatulad ng wikang Filipino at Bahasa Indonesia. Ganun din naman na mayroong mga salitang "direktang" magkatulad na kadalasan ay ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino at Indonesian sa kani-kanilang lipunan (tingnan ang Hanayan 2).

**Hanayan 1**
**Mga Piling Salita (Filipino/Bahasa) na Bahagyang Magkakatulad**

| | | |
|---|---|---|
| senjata | sandata | isang uri ng armas (pah. 4) |
| congklak/ songklak | sungka | isang uri ng laro (pah. 4) |
| mangkuk | mangkok | para sa isang lalagyanan ng pagkain (pah. 5) |
| tempayan | tapayan | para sa lalagyanan ng tubig (pah. 5) |

[4] Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998), 72.

| | | |
|---|---|---|
| cambing | kambing | para sa uri ng hayop (pah. 10) |
| mentega | mantika | ginagamit sa pagprito (pah. 10) |
| babi | baboy | para sa isang uri ng hayop o pagkain (pah. 12) |

**Hanayan 2**
**Mga Piling Salita (Filipino/Bahasa) na Direktang Magkakatulad**

| | |
|---|---|
| payung | umbrella |
| gunting | scissors |
| mahal | expensive |
| murah | cheap |
| bayar | to pay |
| tawar | to bargain |
| rugi | to lose money |
| kanan | right |
| sabon | soap |

* *Lahat ng mga salitang ito ay matatagpuan sa (pah. 11) ng aklat ni Ocampo.*

Maliban sa mga wika, kapansin-pansin daw diumano ang pagkakatulad ng Pilipinas at Indonesia sa iba't ibang tradisyon. Nabanggit bilang halimbawa ang pagkakaroon ng dalawang bansa ng tradisyong betel chewing o mas kilala sa Pilipinas bilang "pagnganganga" (pah. 3). Matandang tradisyon na ang "nganga" o betel sa malaking mundo ng Austronesyano. Kadalasan itong ginagamit sa iba't ibang seremonya at paniniwala. Nang nagpunta ang rebyuwer sa Yogyakarta, Java, Indonesia noong Abril 23, 2018, ipinaliwanag sa kanya ni Sabar Maruba Tuas[5] na isang matandang tradisyon na ang "nganga" at kadalasan nila itong ginagawa sa konsepto ng kalinisan at pakikipagkapwa-tao. Ibig sabihin, nagsasagawa sila ng "nganga" kung mayroon silang bisita. Sa kabilang banda, para sa mga katutubong Pilipino partikular ng mga Bisayas, ang betel/bonga ay ginagamit sa romansa at panliligaw. [6] Katulad din ng nalaman ng rebyuwer kay Sabar Maruba Tuas,

---

[5] Naging kaibigan at tour guide ng rebyuwer nang siya'y maglakbay sa Yogyakarta (Prambanan at Borobudur), Indonesia. Isang magaling na tao si Sabar Maruba Tuas sa kadahilanang malaki ang kanyang pagpapahalaga sa kultura. Si Tuas ay isinilang sa Medan, Hilagang Sumatra at nanirahan kinalaunan sa Yogyakarta kasama ang kanyang mga pamilya.

[6] William Henry Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994), 49.

may bahid din para sa mga Pilipino ang betel sa pakikipagkapwa-tao. Isang insulto para sa bisita kapag hindi siya inalok ng may-ari ng bahay ng isang nganga.[7]

### 3. *Ugnayang Arkeolohikal.*

Tinutugunan ng arkeolohiya ang kakulangan ng mga nakasulat na datos pangkasaysayan. Gamit ang mga ebidensiyang nahukay o nahanap, napagdudugtong nito ang mga katanungang nabuo hinggil sa isang bagay. Mayroong mga natagpuang artipak sa Pilipinas at Indonesia na ayon sa aklat ni Ocampo ay "halos magkakatulad" halimbawa ng mga pigurang tila isang "bulul" ng Cordillera (pah. 3) at binatbat na Tanso (Copper Plate) ng Laguna na inihambing sa natagpuang artipak sa Museum Gajah, Jakarta[8] dahil sa nilalaman at nakaukit dito ang mensahe na pinapatawad diumano ang alipin sa kanyang pagkakautang. Nabanggit sa kasaysayan ng Pilipinas ang pagbabayad ni Namwaran ng 1 kati at 8 suwarma (865 gramo ng ginto) sa kanyang utang at naging dahilan upang maging malaya ang kanyang salinlahi sa posibleng pagiging alipin ng kadatuan.[9]

Maliban sa mga binanggit, binigyang tuon din ni Ocampo sa mga huling kabanata ng kanyang aklat ang natagpuang labi ng mga elepante sa Pilipinas. Malinaw naman talagang binabanggit ng may-akda sa kanyang panimula na ang aklat ay magsisimula at magtatapos sa paksang mayroong kinalaman sa elepante (pah. vii). Minsan nang nagkaroon ng mga stegodon, elepante at rhino ang mga kapuluan ng Pilipinas. Ang ilan sa mga ito ay ang natagpuang Rhinoceros philippinensis sa kasalukuyang Fort Bonifacio, Stegodon luzonensis sa Balamban, Cebu, at Elephas beyeri sa Isla ng Cabarruyan (pah. 94). Malinaw ding naisulat ni Padre Ignacio Francisco Alcina noong 1668 sa kanyang Historia de las islas e indios de Bisayas na tinawag ng mga Bisaya ang elepante bilang "gadya" at ginamit din nila ang sungay (ivory) nito upang maging pulseras, pendants, punyal, at marami pang iba (pah. 95). Kung arkeolohiya ang pagbabatayan upang tugaygayin ang ugnayan ng Pilipinas sa ibang Asyanong bansa, naipaghambing ni Ocampo ang elepante na natagpuan

[7] Scott, Barangay, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. 49.

[8] Napatunayan ng rebyuwer ang kredibilidad ng sinasabi ni Ambeth Ocampo sa bahaging ito dahil nakita niya rin mismo sa Museum Gajah sa Jakarta, Indonesia ang artipak nang siya'y magtungo sa Indonesia noong Abril 20, 2018.

[9] Jaime Figueroa Tiongson, Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan, 36. Makikita rin kay Nancy Kimuell-Gabriel, *Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (900MK-1588) (Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc., 2013), 137-138.

sa Pilipinas at sa Cambodia o India. Ayon sa kanya, mas maliliit ang elepante sa Pilipinas kung ihahalintulad sa nabanggit na dalawa (pah. 95). Maraming natagpuang labi ng mga elepante sa iba't ibang panig ng Asya at patunay lamang ito ng malayang ugnayan na namamagitan sa mga tao at elepante. Maliban sa pagiging instrumento ng mga elepante bilang regalo ng mga hari na nasaksihan pa nga ni Padre Alcina (pah. 96), naging kasama rin ito ng mga ninuno nating Austronesyano sa paghahanap ng panibagong buhay sa pagtawid sa ibayong-dagat. Isang patunay dito ang mga natagpuang fossil ng elepante o elephas sa Cagayan na nagpapahiwatig na ang pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino ay nakabatay sa pangangaso at hortikultura.[10] Ayon nga sa pag-aaral, mayroong samu't saring ruta kung paano mailalarawan ang pagdating ng mga elepante sa Pilipinas. Gamit ng mga tulay na lupa (land bridges) noong epoka ng Pleistocene, tumawid ang mga tao kasama ang mga elepante mula sa Tsina gamit ang rutang Taiwan patungong Luzon (nanatili ang iba samantalang ang iba'y dumeretso patungong Borneo at Celebes via Isla ng Sangi); mula Burma patungong Java at Malaysia; rutang Java, Flores, Timor, at Sulawesi; at marami pang iba.[11]

### 4. *Ugnayang Ekonomiko.*

Mahalaga ang ginagampanang papel ng ekonomiya sa ugnayan ng mga bansa. Nabanggit ni Ocampo sa kanyang aklat ang mahabang kasaysayan ng kalakalang namamagitan sa mga Pilipino at Intsik. Malinaw na ipinaliwanag ni Obispo Domingo de Salazar ang sistema ng kanilang kalakalan. Madalas na pumupunta ang mga mangangalakal na Intsik sa Pilipinas mula sa buwan ng Nobyembre hanggang Mayo dala ang mga produktong katulad ng harina, asukal, walnuts, chestnuts¸ at maraming pang iba (pah. 40). Sa kabilang banda, sa oras na bumalik ang mga Tsino sa kanilang bansa, kasama na nilang dadalhin ang mga produktong Pilipino katulad ng ginto, pilak, bulak, dyewoods, at wax na bahagyang ikinababahala ng mga Kastila (pah. 41). Isang beses bawat taon lamang dumadaong ang mga malalaking barkong pangkalakal (Chinese junks) ng mga Intsik sa Pilipinas.[12] Naging matibay ang kanilang relasyon pagdating sa aspekto ng pagnenegosyo.

---

[10] Jaime B. Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi* (Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2003), 31.

[11] Gabriel S. Casal, Eusebio Z. Dizon, Wilfredo P. Ronquillo, et. al, *Kasaysayan, The Story of the Filipino People: The Earliest Filipinos*, Vol. 2 (Asia Publishing Company Limited, 1998), 15-16.

[12] William Lytle Schurz, *The Manila Galleon*, Illustrated with Maps (New York: E.P. Dutton & Company, Inc., 1939), 65.

Tinalakay din sa aklat ni Ocampo ang maikling kasaysayan ni Limahong. Ekonomiko rin kung tutuusin ang pagkakapasok ni Limahong/Lin Feng sa Pilipinas habang nasa ilalim pa ng kolonyalismong Kastila ang huli. Nagkaroon ng ugnayan at direktang sabwatan ang mga katutubong Pilipino at ang tauhan ni Limahong (pah. 74). Sa kasamaang palad, ipinapatay ng kapangyarihang Kastila ang mga kasabwat na Pilipino. Tinalo rin ng mga Kastila sa pangunguna nina Gobernador Guido de Lavezares at Juan de Salcedo ang puwersa ni Limahong hanggang sa sumuko ito at tumakas sa Golpo ng Lingayen sa Pangasinan. Dahil sa nangyari, kinausap pa rin ni Lavezares ang kanyang mga viceroy upang panatilihing maayos ang ugnayan at pakikitungo ng mga Kastila-Pilipino sa mga Intsik na mangangalakal.[13]

## MGA KOMENDASYON SA AKLAT

Maraming komendasyon at positibong tugon ang maisasambulat sa aklat na ito ni Ambeth Ocampo. Kilala siya bilang historyador dahil sa pagiging public historian nito at bilang masugid na tagapagsulat at kontribyutor sa Philippine Daily Inquirer. Dagdag pa rito ang kanyang mga naging posisyon sa akademiya katulad ng pagiging Kasamang Propesor (Associate Professor) at Tagapangulo ng Kagawaran ng Kasaysayan sa Ateneo de Manila University. Nagiging tampok sa larangan ng kasaysayan ang pagsibol ng mga public historian bilang mga akademikong pumapaimbaba sa masa upang matutunan at maunawaan ang mga kaganapan sa kasaysayan. Isinasakonteksto nila ang kasaysayan bilang agham na maaabot ng mga nais matuto ng kasaysayan sa paraang hindi malalim at nakaugnay sa mga teoryang akademiko. Lutang ang kalakasan ng aklat na ito sa mga sumusunod na kadahilanan:

Una, mababaw ang teknikalidad ng aklat. Gumamit siya ng mga pamagat na nakakapukaw o nakakakuha ng interes at atensyon sa mga mambabasa. Mas mabibili rin sa merkado ang mga babasahing sa unang tingin/basa ay makakakuha ng atensyon. Bagama't ito ay nasusulat sa wikang Ingles, gumamit siya ng pinakamadaling intindihing mga terminolohiya at konsepto. Ibig sabihin, hindi gaanong malalim ang mga salitang ginagamit upang ipaliwanag ang paksa at siguradong mauunawaan ito ng sinumang mambabasa. Gumamit din siya ng mga larawan bagama't walang maayos na pagkakasipi (tingnan ang kritik sa ibabang bahagi) upang mas lalong maunawaan o mahiraya ng mga mambabasa ang tinatalakay ng bawat kabanata.

---

[13] Schurz, *The Manila Galleon*, 64.

Ikalawa, malinaw ang metodolohiyang ginamit ng may-akda. Sa pamamagitan ng kanyang mga karanasan sa pananaliksik, paglalakbay, at pakikipagpanayam sa ibang tao ang siyang nagbigay kalakasan at maging ng kredibilidad ng kanyang aklat. Sa aking pagtaya, ito ang tinatawag kong "personal na danas" ng may-akda. Nagkaroon din ng balidasyon sa mga datos dahil lutang sa pagkatao ni Ocampo na mayroon itong pagpapahalaga sa mga datos na kanyang nakukuha bagama't katulad ng nabanggit sa itaas, hindi ito naisipi nang wasto.

Panghuli, naiugnay ng may-akda ang bawat kabanata sa kasalukuyang kaganapan (current events). Mas higit na kakikitaan ng interes ang aklat kung nabibigyang katwiran ng may-akda ang relasyon ng mga current events sa isang paksang pangkasaysayan. Babagsak pa rin ito sa paliwanag na ibinaba ni Ambeth Ocampo ang kanyang pamantayan sa pagkatuto ng masa.

Upang susugan ang katwiran ng rebyuwer, narito ang mga patunay na halimbawa. Una, inilarawan muna ng may-akda sina Magallanes, Dasmariñas, Legazpi at Urdaneta bilang mga mayayamang subdibisyon sa Makati bago niya talakayin ang nagawa nito sa Pilipinas partikular ni Miguel Lopez de Legazpi (pah. 29). Ikalawa, coincidence sa pagitan nina Presidente Barrack Obama at Osama Bin Laden upang ihambing kina Geronimo ng Apache at Licerio Geronimo ng Pilipinas (pah. 57). Ikatlo, paglalarawan muna sa pagkapanalo ni Manny Pacquiao sa boksing upang bigyang katwiran ang matagumpay na pag-akyat ng mga Pilipino sa Bundok Everest (pah. 62). Panghuli, ibinahagi ng may-akda ang mga tipikal na kaganapan o nangyayari sa taunang Traslación ng Poong Nazareno ng Quiapo at kung paano kinakabaka ng sambayanan ang hirap makasampa lamang sa andas ng poon (pah. 76); at marami pang iba.

## MGA NATATANGING KRITIK SA AKLAT

Matapos mailatag sa itaas ang mga natatanging komendasyon, narito naman ang ilang kritik ng rebyuwer sa aklat ni Ocampo. Kalakip din ang sariling paliwanag kung bakit "istorya" ang dapat ilapat sa kanyang akda katulad ng isinasaad sa pamagat ng rebyung ito.

Una, walang sanggunian o pinagkuhanang batis man lamang ang kanyang aklat. Nababawasan ang kredibilidad ng isang gawang-historyador kung wala itong pinagsasandigang batis. Mahalaga ang bahagi ng saggunian sa bawat aklat. Bagama't katulad ng binabanggit ng rebyuwer sa kanyang komendasyon, pinahahalagahan naman talaga ng may-akda ang datos ngunit

hindi ito direktang ipinapaloob sa parametro ng kaayusan ng historiograpiya. Kung gagamitin ang panloob (internal) at panlabas (external) na kritisismo ni Louis Gottschalk, hindi nakatugon sa tradisyong historikal bilang pamana ng positibismo ang kanyang aklat. Kinakailangang matutunan ang kaibahan ng pagiging obhektibo at subhektibo sa pagsusulat ng kasaysayan.[14] Maging sa mga larawan na nakasipi sa kanyang aklat ay wala rin itong sanggunian. Mayroong labing-anim (16) na larawang makikita sa aklat. Sa aking pagtaya at tantiya, tatlo sa mga larawang ito ay sarili niyang kuha katulad ng Chulalongkorn's Elephant sa Jakarta (pah. 1, 90); Chulalongkorn's Elephant sa Singapore (pah. 4); at Indomilk Susu Sugar (pah. 11). Bagama't walang ispisipikong pananda na sa may-akda mismo nagmula ang tatlong larawan, lohikal kung tutuusin na sa kanya talaga mismo nagmula ang mga ito. Personal na nasaksihan ng may-akda ang elepante ni Chulalongkorn sa Jakarta at Singapore, kung kaya't malabong mangyari na palagpasin niya ang pagkakataong makuhanan ng larawan ang mga ito. Ganun din naman ang Indomilk Susu Sugar na ang may-akda mismo ang nagsabi na nakita niya ito diumano nang siya'y bumibili sa mga tindahan na kanya naman daw madalas na ginagawa kapag nagpupunta sa ibang bansa (pah. 11). Ngunit kung ang pag-uusapan ay ang kawastuhang teknikal ng pagsusulat, kinakailangang mailagay niya ang katagang "larawang kuha ng mananaliksik" nang sa gayo'y matukoy na sa may-akda mismo nagmula ang larawan. Dalawang larawan naman ang nagmula sa pangalang Ed Santiago—ang monumento ni Legazpi-Urdaneta sa Roxas Boulevard (pah. 30) at larawan ni Pangulong Manuel Quezon na likha ni Guillermo E. Tolentino (pah. 55). Sa kritikong pag-uusisa ng rebyuwer, marami sa mga larawan ang maaaring nagmula sa arkivo, primaryang aklat, at lumang dokumento ang hindi nabigyan ng kortesiya at pagkilala. Ang ilan sa mga ito ay ang ikalabing-anim na dantaong mapa ng Pilipinas (pah. 7); larawan ni San Pedro Martir sa San Agustin Museum (pah. 16); larawan ng mga sangleyes at walang nailagay na deskripsyon (pah. 43); larawan ni Manuel Quezon sa Mexico noong 1937 (pah. 48); kuhang larawan ni Brigadier Heneral Henry Ware Lawton (pah. 58); libing ni Heneral Lawton sa Maynila noong 1899 (pah. 61); ang puntod ni Pancho Villa sa Manila North Cemetery at plaka ng pagkakakilanlan na nagmula sa Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (NHCP) tungkol sa kanya (pah. 67, 70); larawan ni Felix Resureccion Hidalgo sa Paris (pah. 73); at larawan ng mga elepante sa Hapon noong ikalabing anim na dantaon (pah. 101).

---

[14] Louis Gottschalk, *Understanding History: A Primer of Historical Method* (New York: A.A. Knopf, 1969), 42.

Pangalawa, ang paglalagay ng may-akda ng mga impormasyong kaduda-duda at maaaring paniwalaan ng balana bilang katotohanan. Sa teknikal na pagsusulat, mainam na maglagay ng pagtatatwa (disclaimer) kung ang isang impormasyon ay isa lamang haka-haka, hipotesis, o nabubuong palaisipan. Walang pagtutol sa pagbubuo ng mga haka-haka o pansariling pananaw dahil ito naman talaga ang tunguhin ng kasaysayan bilang disiplina ngunit hindi dapat mawaglit sa bawat "historyador" ang pagpapahalaga sa batis bilang preliminaryong hakbang upang tuntunin, patunayan, o daplisan ang katotohanan.

Ang pagsasahipotesis ni Ocampo halimbawa sa mga "sanang" pangalan ng Pilipinas at katawagan sa mga katutubong naninirahan dito (i.e. "Lazareans" kung tinawag ang Pilipinas bilang Archipelago de San Lazaro (pah. 6, 38), "Ponientes"/"Ponietas" kung Islas del Poniente naman, at P.I. para sa Philippine Islands na kung saan hindi pa diniretsa ni Ocampo bilang "Putangina" [pah. 6]) ay magdadala sa napipintong kalituhan ng pagkatuto. Kung hindi ito nalagyan ng pagtatatwa, marahil marami na sa mga mambabasa/nakabasa nito ang ituturing itong katotohanan o nakasulat na kasaysayan.

Pangatlo, kakulangan ng pagiging konsistent sa nilalaman alinsunod sa mismong pamagat ng aklat. Kadalasan kung ano ang pamagat ng aklat ay siya ring tutugon sa kabuuang nilalaman hanggang sa konklusyon (isang bagay na wala ang aklat ni Ocampo) nito. Malinaw ang pagkakagamit ng "The Philippines in Asian History" bilang pamagat ng aklat. Ibig sabihin, maaaring talakayin o tunguhin mismo ng aklat ang kasaysayan ng Pilipinas sa Asya o di kaya'y relasyon, ugnayan o koneksyon ng Pilipinas sa mga Asyanong bansa. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi lubusang maunawaan ng rebyuwer kung bakit isinama ni Ocampo ang kasaysayan o ugnayan ng Pilipinas sa mga hindi Asyanong bansa katulad ng Mehiko. Taliwas ito sa pamagat ng kanyang aklat. Sinimulan niyang alalahanin dito ang mahabang ugnayang Pilipinas-Mehiko sa Kalakalang Galyon mula taong 1565 hanggang 1815 (pah. 47) na sinundan ng pagsipi ng kabuuang pahayag ni Pangulong Manuel Quezon nang siya'y magtungo sa Mehiko noong 1937 hindi bilang pangulo kundi bilang isang turista. Kasabay nito ang pagmamalaki ng pangulo sa identidad ng mga Pilipino bilang isang lahing walang pinagkakautangang-loob. Lumaya tayo diumano bilang isang matibay na lipi (pah. 51). Binalangkas ni Ocampo ang pahayag na ito ni Quezon. Pagkatapos, winakasan niya lamang ang bahagi ng kabanata sa isang pangungusap na komentaryo na walang malawak na pagpapalawig sa paksa.

Sa kabilang banda, biglang pinasok ni Ocampo ang diumanong ugnayan ng Pilipinas sa Timog Asyanong bansa ng Nepal. Naging interesado ang rebyuwer noong una dahil bibihira lamang ang tumatalakay sa relasyon ng Pilipinas sa Timog Silangang Asya. Sa daluyan ng pamamahayag, inugat niya muna ang kasaysayan ni Edmund Hillary kasama ang kanyang guide na si Tenzing Norgay bilang mga unang taong nakarating sa Mt. Everest noong Mayo 29, 1953 (pah. 62). Sinundan ito ng pahayag na ang anak ni Norgay na si Nima ay nakapangasawa ng isang Pilipinong si Noli Galang. Hindi tahasang kakikitaan ng rebyuwer ng kabuluhan at interes ang bahaging ito. Buong akala ng rebyuwer na mahalaga ang babanggitin ng bahaging ito sa relasyon ng Pilipinas at Nepal. Mas mainam pa siguro, sa pansariling suhesyon ng rebyuwer, nailahad sana ni Ocampo ang karangalang naibigay ni Romeo "Romi" Garduce noong 2006 nang tanghalin siya bilang unang Pilipinong nakaakyat sa pinakamataas na bundok ng daigidig at kung paano nito nabago ang imahe ng mga Pilipino sa buong mundo. Naging dismayado rin ang rebyuwer dahil nagawa pa ni Ocampo na kumabig sa tsismis na naglagay diumano ng bandila ng Alemanya si Rizal sa tuktok ng Bundok Makiling nang inakyat niya ito noong 1887 (pah. 65). Inilahad niya ang bahaging ito nang walang pinagsasandalang ebidensiya.

May mga ilang kabanata na labas din sa tema (out of the topic) ng pamagat ng aklat. Narito ang mga siniping halimbawa ng rebyuwer. Una, ang pagtalakay ng may-akda sa hidwaan ng simbahan at estado noong panahon ng mga Kastila na kung saan ginawang halimbawa ang alitan sa pagitan nina Gobernador Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera (1635-1644) at Arsobispo ng Maynila na si Hernando de Guerrero na naging eksilo sa Mariveles noong 1636 (pah. 15). Inihanay pa nga ito ni Ocampo bilang isa sa mga hindi nasusulat o nabibigyan ng pansin sa kasaysayan ng Pilipinas noong ikalabing pito hanggang ikalabing walong dantaon (pah. 23). Pangalawa, ang pagtalakay ng may-akda sa ikalabing siyam na aklat pangmoralidad para sa mga Bisayas ni Padre Pedro de Estrada na kung saan tinatalakay dito ang mga tamang gawi na dapat pamarisan ng mga Pilipino partikular ng kababaihan pagdating sa kalinisan at kapurihan (pah. 25, 27).

Panghuli, ang kahiligan nitong ikabit ang kasaysayang Pilipino sa konsepto ng Kanluran. Lumalabas tuloy na mayroong pinagkakautangang-loob ang kasaysayang Pilipino o hindi kayang tumayo sa sariling identidad at kalinangan upang ihambing o ikabit sa ibang konsepto. Ang ilan sa mga nakita ng rebyuwer ay ang pagkakagamit ni Ocampo sa terminolohiyang "Golden Age" (pah. 34) upang talakayin ang kasaysayan at kahalagahan ng ginto sa mga Proto-Pilipino. Hindi wasto ang pagkakagamit ng may-akda sa "Golden

Age" dahil tila bagang sinasabi niyang dumaan sa kahirapan/kadiliman ang mga sinaunang Pilipino bago nito nakamit ang Siglo de Oro na unang isinakonsepto ng mga kanluraning kaharian (i.e. Hapsburgs, Bourbons, etc).

Mababakas din ang kahiligan nito sa pagkukumpara kahit walang batayan. Mahihinuhang iginigiit o ipinipilit lamang ni Ocampo na magkaroon ng ugnayang ang dalawa o higit pang mga bagay kahit wala naman talaga itong direktang relasyon. Lumalabas tuloy na ipinipilit lamang niya ang paghahambing. Ang bastardisasyon o walang basehan/kabuluhang paghahambing sa dalawang "Geronimo"--Geronimo (1829-1909) na isang pinunong Apache na nagtanggol sa kanyang lahi sa Arizona laban sa mga Mehikano at Amerikanong mananakop (pah. 57) at ang bayaning Pilipinong si Heneral Licerio Geronimo (1855-1924) na nakipaglaban kay Heneral Henry Lawton noong Disyembre 19, 1899 sa Battle of San Mateo (pah. 59). Naulit pa ang ganitong pagkukumpara. Ganito rin ang kinahinatnan ng kanyang panimula sa pagtalakay sa boksingerong si Pancho Villa. Sa ganang ito, inihambing naman niya ang Cementerio del Norte (Manila North Cemetery) sa Highgate Cemetery, London at Pere Lachaise, Paris hinggil sa mga kilalang personalidad na nakalibing dito (pah. 66-67)[15]. Sa pagnanasang mabasa ang pagtatampok ni Ocampo kay Pancho Villa, pumailalim na naman ang talakayan sa sanga-sangang paksa.

## *Paglapat ng "Istorya"*

Kung ang gagamiting lente ay ang Bagong Kasaysayan (pagsasama ng diwa ng kasaysayan ng Proto-Pilipino at Kanluraning konsepto ng history, histoirie, at historya), maihahanay ang akdang ito ni Ambeth Ocampo bilang istoria/istorya/story.[16]

---

[15] Tingnan ang mismong aklat ni Ocampo (2011), pah. 66-67. Iniisa-isa niya ang mga kilalang personalidad na nakalibing sa Cementerio del Norte katulad nina Francis Burton, Sergio Osmeña, Manuel Roxas, Ramon Magsaysay, Jose Ma. Basa, Pio del Pilar, Gregoria de Jesus, Fernando Poe Sr. at Jr., Felix Resurreccion Hidalgo, Jose Corazon de Jesus, Amado Hernandez, Honorata "Atang" de la Rama, at Juan Nakpil. Para sa Highgate Cemetery, naroon si Karl Marx at sa Pere Lachaise ay sina Balzac, Chopin, Piaf, Jim Morrison, Oscar Wilde, at marami pang iba.

[16] Tingnan ang Navarro, Rodriguez-Tatel, at Villan 2003, pah. 2. Ayon kay Dr. Zeus A. Salazar, may tatlong tampok na yugto ang kaunlaran ng historiograpiyang Pilipino: (1) panahon ng "pantayong" konsepto sa mga grupong etnolingguwistiko, (2) ang historiograpiya sa dominasyon ng historya at (3) sa muling pagbubuo ng Bagong Kasaysayan. Sang-ayon din kay Salazar na ang Bagong Kasaysayan ay ang pagsasama ng diwa ng pagdalumat sa konsepto ng kasaysayan ng Proto-Pilipino at Kanluraning konsepto ng historia para sa mga Kastila; history para sa mga Anglo-American at histoirie para sa

Hindi tahasang sinasabi ng rebyuwer na isang likhang-isip ang akda ni Ocampo bagkus kung sasakyan lamang ng rebyuwer ang parametro ng mga Kastila sa historiograpiya, maihahanay nga itong istoria o kuwento lamang dahil walang maayos na balangkas ang kanyang akda at walang siyentipikong pamamaraan katulad ng pagpapahalaga sa mga batis at iba pang saggunian. Malinaw naman talagang tila nagkukuwento lamang ang may-akda ng kanyang mga karanasan at malinaw din na may kahiligan siya sa mga panaka-nakang tsismis. Hindi maiiwasan na nag-iiwan sa bawat kaisipan ang ilang pahayag na ibinabato ng kanyang aklat. Ibig sabihin, hindi nakakasiguro kung ang kanyang sinasabi ay totoo (nakasalig sa batis) o isang personal na haka-haka lamang. Ito ang tinatawag na salungatan at banggaan sa pagitan ng speculative history at criticial history. Hinahabi ng una ang kasaysayan sa mga tanong na "what if" samantalang ang huli ay tumutuon sa "what was". Mas higit kasing kinikilala ng mga historyador ang huli dahil mas higit itong nakapagbibigay ng mas malalim na diskurso.

## PAGTATASA

Nais tapusin ng rebyuwer ang rebyung ito sa isang paglalagom hinggil sa kabuuang katangian ng aklat ni Ambeth Ocampo. Naging pokus ng aklat ang samu't saring relasyon ng Pilipinas sa iba't ibang bansa sa Asya at iba pang lugar bagama't naging salungat ang pamagat ng aklat sa kabuuang nilalaman nito. Sa kabilang banda, hindi maitatatwang tinataglay ng may-akda ang dalawang pangunahing katangian ng isang magaling na mananaliksik (ayon sa pamantayan ng rebyuwer). Una, naging masipag ang may-akda sa paghahanap ng mga archival na dokumento, mga larawan, at iba pang mahahalagang datos. Ito ang isang mahusay na katangian ng isang mananaliksik. Ikalawa, niyakap din ng may-akda ang paglalakbay bilang makabago at alternatibong metodo ng pananaliksik. Malinaw na nagpunta ang may-akda sa iba't ibang lugar upang kumuha ng datos (i.e. larawan, dokumento, at iba pa). Minabuting tawagin ng rebyuwer ang naging resulta ng kanyang mga ilang paglalakbay bilang "personal na danas". Sa pagkakataong ito, sumambulat sa kaisipan at kamalayan ng rebyuwer na ang esensiya ng "personal na danas" ay isang orihinal at walang katulad na pakiramdam hinggil sa mga nasilayan, nahawakan, nabatid, at naisakonseptong bagay, tao, at kaganapan. Tunay ito dahil sa prinsipyo ng kasaysayan, pinahahalagahan ang proximity ng nakasaksi sa isang kaganapan kung kaya't mas pinagtutuunan natin ang mga

mga Pranses. Sa daloy ng historiograpiya, malaki ang kaibahan ng kasaysayan sa historia/history/histoirie at maging ng istoria.

primaryang batis sa kadahilanang ang mga saksi ay mas higit na malapit sa espasyo ng pinag-aaralan o pinatutungkulang kaganapan. Malaking bagay ang nagagawa ng paglalakbay na mayroong okular at lalim na pagmamasid upang matunton ang mga kaalamang hindi nababahagi ng nakalathalang mga babasahin.[17] Sa madaling salita, napagtagumpayan ng may-akda na isakatuparan ang kanyang pag-aaral sa pamamagitan ng paglalakbay bilang metodolohiya. Mapamaraan ang may-akda sa paghahanap ng batis. Ibig sabihin, pinaglalaanan talaga ng panahon ng may-akda ang paghahanap ng mga pambihira at mabibigat na datos pangkasaysayan subalit mapapansin muli na hindi lamang ito naisipi nang maayos sa pamamagitan ng kahit na paglalagay ng "talaan ng mga babasahin" o "sanggunian".

Kahit ano pang sabihin, ang akda ni Ambeth Ocampo ay dulot ng kanyang mapagpunyaging katangian bilang public historian. Bagama't nagiging talamak ang pagbabatikos sa mga uri ng historyador na ito, hindi maitatawa na malaki ang naging simulain nila sa pagsusulong ng kasaysayan. Sa argumentong ito, papasok ang kaibahan ng pamantayan ng akademikong kasaysayan at public history. Malinaw na matibay na sandigan ng mga academic historian ang paglilinang ng teorya, pagpapahalaga sa batis, at wastong metodolohiya ng pananaliksik. Sa kabilang banda, katulad ng nabanggit na, layunin ng mga public historian ang maipaliwanag ang kasaysayan sa pinakamadaling paraan. May tendensiya itong gumamit ng ilang "pamukaw-interes" na paksa katulad ng mga "tsismis" at "trivia". Kinakailangan itong gawin ng mga public historian dahil mas malapit ang mga ganitong taktika sa kasalukuyang sitwasyon ng lipunan. Tinutugunan ng mga public historian ang alternatibong pamamaraan nang sa gayo'y maibahagi ang "kasaysayan" na ipinapako madalas sa parametro ng teorya at iba pang balangkas. Bagama't malaki ang kaibahan ng dalawang uri ng historyador, hindi dapat bigyan ng puwang o tunggalian ang dalawa bagkus tingnan sila bilang mga magkatuwang at magkasamang katauhan sa pagpapakilala ng kasaysayan sa kani-kanilang paraan at pangangailangan.

Ang kabuuang pagsusuri na ginawa ng rebyuwer ay dulot ng kanyang sariling pananaw sa kasaysayan at historiograpiya. Sa madaling salita, nagmumula ang rebyuwer sa hanay ng mga akademiko kung kaya't ganoon na lamang ang pagpapahalaga nito sa mga batis at impormasyong pangkasaysayan. Hindi niya nababatid ang mundong kinabibilangan ng mga public historian sa kadahilanang hindi kabilang ang rebyuwer sa sektor na ito.

[17] Axle Christien Tugano, *Konstruksyon ng Kakanyahan Mula sa Ibang Kalinangan: Mga Obserbasyon sa Lakbay-Aral na Akademiko sa Timog Silangang Asya* (Manuskrito, Asian Center, University of the Philippines Diliman, 2018), 3.

Sa kabilang banda, tinitingala rin ng rebyuwer ang kontribusyon ng mga ito. Nagsisilbi silang tagapag-ugnay o tulay ng mga akademikong historyador (na madalas hindi nauunawaan) at ng masa na kadalasang nakakaintindi sa kasaysayang gawa nga ng mga public historian.

Sa madaling salita, ang aklat na ito ni Ocampo ay maihahanay sa pamantayan o istandard ng public history dahil mas tinitingala o kinikilala ng kasalukuyang panahon lalo na ng mga kabataan ang mga interesanteng paksa sa kasaysayan. Mas tumatatak sa kanilang kamalayan kung naibabahagi ang kaalaman sa mas madaling deliberasyon. Sa kabilang anggulo, hindi rin maitatatwa na maaari ring ihanay ang aklat na ito sa pamantayan ng akademikong kasaysayan dahil sumailalim naman ang may-akda sa malalim na pananaliksik. Bagama't may kakulangan sa aspektong ito, hindi rin maikakaila na mauunawaan ng kapwa publiko at akademiko ang kanyang aklat.

## MGA SANGGUNIAN:

Casal, Gabriel S., Eusebio Z. Dizon, Wilfredo P. Ronquillo, et. al, mga pat. (1998). *Kasaysayan, The Story of the Filipino People: The Earliest Filipinos*, Vol. 2. Asia Publishing Company Limited.

Eusebio, Michelle S. Colonial Period Cemeteries as Filipino Heritage. (2016). Nasa Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries, 169-198, Grace Barretto-Tesoro, pat. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

Gabriel, Nancy Kimuell. (2010). Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (900MK-1588). Nasa Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna, 113-167, Ma. Carmen V. Peñalosa at Zeus A. Salazar, mga pat. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc.

Gottschalk, Louis. (1969). Understanding History: A Primer of Historical Method. New York: A.A. Knopf.

Navarro, Atoy M., Mary Jane Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, mga pat. (2003). Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral sa Bagong Kasaysayan. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Ocampo, Ambeth R. (2010a). Looking Back. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2010b). Looking Back 2: Dirty Dancing. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2010c). Looking Back 3: Death by Garrote. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2011). Looking Back 4: Chulalongkorn's Elephants: The Philippines in Asian History. Mandaluyong City: AnvilPublishing, Inc.

_____. (2012a). Looking Back 5: Rizal's Teeth, Bonifacio's Bones. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2012b). Looking Back 6: Prehistoric Philippines. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2014a). Looking Back 7: Storm Chasers. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2014b). Looking Back 8: Virgin of Balintawak. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2015a). Looking Back 9: Demonyo in Tables: History in Artifacts. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2015b). Looking Back 10: Two Lunas, Two Mabinis. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2016a). Looking Back 11: Independence X6. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2016b). Looking Back 12: Quezon's Sukuyaki. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

_____. (2017). Looking Back 13: Guns of the Katipunan. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

Salazar, Zeus A. (1998). The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Schurz, William Lytle. (1939). The Manila Galleon, Illustrated with Maps. New York: E.P. Dutton & Company, Inc.

Scott, William Henry. (1994). Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Tiongson, Jaime Figueroa. (2010). Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan. Nasa Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna, 17-86, Ma. Carmen V. Peñalosa at Zeus A. Salazar, mga pat. Laguna: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc.

Tuas, Sabar Maruba. (2018). Personal na pakikipagpanayam ng rebyuwer kay Sabar Maruba Tuas (a.k.a. Gimbal) sa Yogyakarta, Java, Indonesia. Abril 23.

Tugano, Axle Christien J. (2018). Konstruksyon ng Kakanyahan Mula sa Ibang Kalinangan: Mga Obserbasyon sa Lakbay-Aral na Akademiko sa Timog Silangang Asya. Manuskrito. Ipinasang saliksik sa PS 201 (The Philippines in Asia and the Pacific) kay Dr. Noel Christian A. Moratilla, 1-85. Asian Center, University of the Philippines, Diliman.

Veneracion, Jaime B. (2003). Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino. Binagong Edisyon. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc.

Wyatt, David K. (2003). Thailand: A Short History. Second Edition. Chiang Mai, Thailand: Silkworm Books.